

Proyekto sa Aurora Ave

Aurora Ave N Pagaplanong Pangkaligtasan | Ulat ng Buod ng Pag-aabot



Seattle
Department of
Transportation

Nobyembre 2022

Pinagmulan ng Proyekto


Ang koridor ng Aurora Ave N/State Route 99 ay isa sa pinakamataas na dami ng trapiko sa mga kalsada na nagdudulot ng isa sa mga pinaka-abalang ruta ng bus sa loob ng mga limitasyon ng lungsod ng Seattle. Ito ay kritikal para sa paggalaw ng kargamento, at nagdudulot ng mga koneksyon sa maraming pabahay, mga negosyo, serbisyong panlipunan, at mga pagkakataon sa trabaho. Ang Aurora Avenue ay may kasaysayan ng mga banggaan, mga puwang sa mga pasilidad ng pedestriyan, hindi pare-parehong pangkalahatang disenyo ng kalye, at mga hadlang sa pag-access na lalong nagpapahirap sa paglalakbay para sa mga taong may mga hamon sa pagkilos.

Ang huling komprehensibong Plano sa Pagpapaunlad ng Ruta para sa koridor ng Aurora Ave N ay nailathala noong 2003, at habang kasama ang mga rekomendasyon para sa malapit-matagalang mga pagpapabuti, kakaunti ang mga pagpapahusay na ginawa. Ang Aurora Ave N ay matagal nang priyoridad para sa mga pagpapabuti sa transportasyon na nagpapahusay sa kaligtasan at kadaliang pagkilos para sa lahat ng manlalakbay. Kabilang sa mga ito, mayroong matinding pagnanais na pahasayin ang kaginhawahan at pag-access para sa mga taong naglalakad sa kahabaan ng koridor, bawasan ang mga banggaan para sa lahat ng mga gumagamit, at pagbutihin ang kalidad ng serbisyo ng pagbibiyaha.

Kamakailan ay hinabol ng SDOT ang pagpopondo upang pag-aralan ang mga pagpapabuti sa kaligtasan at kadaliang kumilos sa koridor. Noong huling bahagi ng 2021, ang SDOT ay ginawaran ng pagpopondo sa pamamagitan ng isang grant para sa Programa ng Pedestriyan at Bisekleta mula sa Washington State Department of Transportation (WSDOT). Ang King County Metro ay nag-aambag din ng mga pondo at nakikipagsosyo sa SDOT upang bumuo ng isang bagong komprehensibong pananaw sa disenyo para sa koridor ng Aurora Ave N at tukuyin ang mga malalapit na proyekto na magpapasulong ng kaligtasan habang sinusuri ang mga opsyon sa pagpapabuti at pagpapahaba para sa RapidRide E Line.

Mga Layunin ng Proyekto

- Bumuo ng bagong pananaw sa disenyo para sa koridor ng Aurora Ave N na nagpapahusay sa kaligtasan, kadaliang pagkilos, at pag-access para sa lahat ng manlalakbay.
- Tugunan ang mga pangangailangan ng mga residente, negosyo, at mga stakeholder ng koridor sa isang pinag-isang pananaw para sa koridor sa pamamagitan ng pantay at matatag na proseso ng pakikipag-ugnayan.
- Isaalang-alang ang kasaysayan ng banggaan at mga hamon sa kaligtasan sa kahabaan ng koridor na may pagtuon sa pagtugon sa mga pinakamalubhang banggaan at banggaan na kinasasangkutan ng mga mahihinang gumagamit ng kalsada.



- Tukuyin ang mga potensyal na pagpapahusay at koneksyon sa serbisyo ng transit (hal., sa mga malapit na light rail station), pati na rin ang mga pagpapahusay sa kaligtasan at seguridad (hal., sa mga transit stop).
- Bumuo ng isang estratehiya upang bumuo ng mga pagpapabuti ng koridor habang magagamit ang mga mapagkukunan.

Mga Pangunahing Natuklasan

Narinig namin ang mga sumusunod na feedback mula sa mga taong nakipag-ugnayan online at nang personal. Ang feedback na ito ay isang buod, at marami pang mga detalye ang makikita [dito](#) sa aming ulat ng buod ng pag-aabot.

Mga pagbabuti sa kaligtasan para sa mga tao na naglalakad:

- Dagdagan ang bilang ng mga bangketa at pagbutihin ang kalagayan ng mga kasalukuyan na bangketa.
- Magdagdag pa ng mga tawiran na may senyales at pagbutihin ang mga ilaw.
- Magdagdag ng mga pisikal na harang sa pagitan ng mga naglalakad at kalsada.

Mga pagbabuti sa kaligtasan para sa mga tao na nagbibisikleta:

- Magdagdag pa ng mga daanan ng bisikleta.
- Bumuo ng pisikal na paghihiwalay sa pagitan ng mga daanan ng bisikleta at kalsada.

Mga Pagpapahusay at Koneksyon sa Transit:

- Ang mga bus ay dapat tumakbo ng mas madalas at may mas mahusay na silangan-kanluran na koneksyon.
- Ang pagpapanatili ng mga kasalukuyan na hintuan ng bus ay kailangang pagbutihin.

Pagbawas ng banggaan:

- Ang mabilis na trapiko at mataas na dami ng trapiko ay itinuturing na hindi ligtas sa lugar ng proyekto.

Mga alalahanin ng may-ari ng negosyo:

- Kailangang dagdagan ang bilang ng mga tawiran at bangketa.
- Kailangang pagbutihin ang mga ilaw sa kalye.
- Mga banggaan at matulin na pagmamaneho ang palaging hamon sa kahabaan ng koridor.

Mga lokasyon ng Tawiran:

- Isama ang mga bagong tawiran at pagpapabuti ng mga signage ng kasalukuyang tawiran.
- Ang tawiran sa N 130th St ay parehong isa sa pinakaabala at pinaka-iniiwasan na tawiran.
- Ang N 125th St, N 46th St, at N 85th St ay ilan sa mga pinaka iniwasan na tawiran dahil sa malapit na matutulin na mga sasakyan at panlipunang mga alalahanin.

Mga alalahanin sa lipunan:

- Ang personal na kaligtasan, krimen, mga sekswal na manggagawa, at kawalan ng tirahan ay ang mga pangunahin na alalahanin sa lipunan na kailangang tugunan sa lugar ng proyekto.

Ang mga panlipunang alalahanin na ito ay ibinahagi sa Departamento ng Pulisya ng Seattle at Departamento ng Serbisyong Pantao upang makatulong na ipaalam ang kanilang patuloy na pagsisikap na tugunan ang mga isyung panlipunan na ito. Patuloy din naming isasaalang-alang ang mga alalahanin na ito habang ginagalugad namin ang mga opsyon sa disenyo para sa koridor at mga serbisyo ng transit nito.



Lawak at Pag-aabot

Pinagsasama-sama ang online at harap-harapang pag-aabot, naabot namin ang higit sa 59,000 tao, sa pamamagitan ng sarbey, kampanya ng multikulturang media, digital na ads, mga pagbisita sa website, Peachjar flyer, social media, pagpost ng mga blog, mga email blast, at harap-harapan na pakikipag-ugnayan.



Mga Online na Taktika:


- Sarbey
- Multikulturang Media at Digital na Kampanya
- Mga Napapanahong Pagbabago sa Web
- Pakikipag-ugnayan ng mga Magulang
- Listserv
- Mga Post sa Social Media at Mga Post sa Blog

Mga Harap-harapan na Taktika:

- Mga Pop-up na Kaganapan
- Door-to-Door na Pag-aabot sa Negosyo
- Isa-isang pag-uusap at pag-uusap ng grupo sa komunidad
- Mga karatula ng bus sa kahabaan ng koridor

Ano ang Kasunod

Sa unang bahagi ng 2023, kami ay magho-host ng mga design charrette para bumuo ng mga alternatibong disenyo. Sa kalagitnaan ng 2023 kami ay kukuha ng feedback mula sa lahat ng manlalakbay sa Aurora Ave sa paligid ng mga alternatibong disenyo. At, bago matapos ang 2023, aming ibabahagi ang kinalabasan.



Huwag palampasin!

Ang komprehensibong Ulat ng Buod ng Pag-aabot sa Aurora Ave ay matatagpuan [dito](#).

Ang komprehensibong Ulat ng Mga Natuklasan sa Sarbey sa Pagpapalano ng Kaligtasan ay matatagpuan [dito](#).

Manatiling nakatutok para sa mga karagdagang impormasyon sa aming [webpage ng proyekto](#) para sa kung paano makilahok sa mga pagkakataon na ito.

I-scan ang QR code gamit ang inyong camera.

